**Kaloobang ”loob” ng mga Pulubing may Kapansanan:**

**Isang Penomenolohikal na Pag-aaral**

Isang Pananaliksik na Iniharap Sa

Kagawaran ng Departamento ng Agham Pangkaasalan ng

Pamantansang De La Salle – Dasmariñas, Cavite

Para sa Pagsasakatuparan ng Bahaging

Kinakailangan sa Titulong Batsilyer

Sa Sining ng Sikolohiya

Cadiz, Michelle

Decena, Cherry Pink

Herbolario, Allan Andrew

PSY41

**Marso 2011**

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

## ABSTRAK


| | |
|---|---|
| Pangalan ng Institusyon: | De La Salle University – Dasmariñas |
| Address: | Bagong Bayan, Dasmariñas City, Cavite |
| Pamagat: | Kaloobang "loob" ng mga pulubing may kapansanan ayon sa kanilang Karanasan: Isang Penomenolohikal na pag-aaral. |
| Mga may-akda: | Cadiz, Michelle<br>Decena, Cherry Pink<br>Herbolario, Allan Andrew |
| Pinansyal na Pinagkukunan: | Mga Magulang |
| Halaga: | 9,000 |
| Sinimulan: | Hunyo 2010 |
| Natapos: | Marso 2011 |
| Saklaw at Limitasyon: | Ang pananaliksik ay nakatuon lamang sa penomeno ng Karanasang Loob ng mga Pulubing may Kapansanan. Ang mga |

kalahok ng pag-aaral na ito ay tatlong pulubing may kapansanan na matatagpuan sa Pasay City, Brgy. Baclaran.

Metodolohiya: Gumamit ang mga mananaliksik ng *Non Probability - Purposive Sampling procedure* upang makuha ang kailangang kalahok sa pag-aaral na ito. Gumamit din ng camera at video recorder ang mga mananaliksik sa pagkuha ng mga datos. Sa ikalawa at ikatlong kalahok, ang paggamit sa mga ito ay hindi pinahintulutan ng kalahok. Kalakip rin ng pananaliksik na ito ang metodong pagmamasid, pagtatanung-tanong, pakikipagkwentuhan at pakikisangkot upang makalap ang mga mahahalagang impormasyon.

Buod ng Pag-aaral: Sa resulta ng pag-aaral, ang demograpikong datos ng tatlong kalahok ayon sa pagkakasunod-sunod ng edad ay mula 14-53 anyos. Ang mga sumusunod na resulta ayon sa edad ay: 14 na taon (1), 51 na taon (1) at 53 na taon (1). Ang mga sumusunod na resulta naman ayon sa tirahan ay: Rizal (1), Dimasalang (1) at Kalye malapit sa Baclaran Simbahan (1).

Nagkaroon ng epekto sa pinansyal, emosyonal, pisikal at soyal na aspeto ng pulubing may kapansanan ang kanilang karanasan. Ang positibong kalooban ang kalakasan ng mga kalahok sa pagharap sa kahirapan at kapansanan. Ang positibong kalooban ng mga kalahok ay tumulong na patibayin ang pagkatao sa pagharap ng mahihirap na pangyayari sa buhay, pamumuhay at pagtangap ng katotohanan. Inirerepresenta ng basahan

ang pag-aaral na ito dahil ang mga pulubing may kapansanan ay katulad nito na mababa ang halaga, marumi at hindi kapansin-kapansin pero may silbi at nakakatulong sa iba. Sa kabila ng hindi kaaya-ayang kaayusan ay bahagi pa rin ng lipunan ang mga pulubing may kapansanan.

Konklusyon ng pag-aaral:

Ayon sa mga datos na nakalap at natuklasan ng mga mananaliksik, ang pag-aaral na ito ay nagkaroon ng mga sumusunod na konklusyon:

1. Anuman ang edad, kasarian at tirahan, ang mga kalahok ay nakaranas ng magkakatulad na suliraning pinansyal, emosyonal, pisikal at sosyal.
2. Lumitaw ang emosyonal na kalooban o damdaming ”loob” na masaya at masama ang loob ng mga pulubing

may kapansanan. Sa kabila ng kahirapan at kapansanan ay masaya pero masama ang loob sa mga nagdulot o nagdagdag ng hirap sa kanilang karanasan. Kapwa sila nabubuhay sa “awa” ng iba. Kapwa din sila may mga positibong etikal na kalooban na magandang loob at utang na loob.

Rekomendasyon:

Ayon sa mga datos na nakalap at natuklasan ng mga mananaliksik, ang pag-aaral na ito ay nagkaroon ng mga sumusunod na rekomendasyon:

**Para sa Lipunan.** Iwasan ang panghuhusga sa mga pulubing may kapansanan. Maipapayong tumulong sa pagpapatupad ng mga batas para sa mga may kapansanan at pulubi at makiisa bilang *volunteer worker* sa mga programa para sa kanila.

**Para sa Lokal na Pamahalaan at iba't ibang sektor.** Maipapayong ibalik ang mga programa noong panahon ni Marcos katulad ng *scholarship program, job oppurtunities* at *allowance* para sa mga pulubi at may kapansanan. Ang mga batas ay pag-ukulan ng pansin, irebisa at maipapayong bigyang pansin ang kakulangan sa badget upang maipasatupad ito. Bagamat hindi kaaya-aya ang gawain ng mga pulubi, hanga't maari ay iwasan ang negatibong aksyon sa kanila. Sa halip na itaboy o ikulong ay bigyan ng *counseling* at *livelihood program* ang mga pulubing may kapansanan. Maaari ring magbuo ng matatag na samahang may magaling na lider at magandang plataporma.

**Para sa mga susunod na mananaliksik.** Maari nilang ituloy sa mas malalim na

pag-aaral para sa mas komprehensibong resulta. Sapagkat ang mga mananaliksik ay mayroong mga limitasyon sa pag-aaral, maaring dagdagan ang bilang ng mga kalahok at mas tagalan ang pakikisangkot sa pagkalap ng mga impormasyon tungkol sa kaloobang karanasan sa panlilimos. Maari ding gawan ng pananaliksik ukol sa aspetong *behavioral*, *cognitive* at *social.*

**Para sa mga guro.** Maipapayong bigyan ng inspirayon na magsumikap ang mga may kapansanan at mahihirap. Bigyan ng mas malawak na oryentasyon ang mga mag-aaral sa mga maralita tulad ng mga pulubing may kapansanan.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

**TALAAN NG NILALAMAN**


| | |
|---|---|
| | **Pahina Blg.** |
| **PAMAGAT** | **1** |
| **APPROVAL SHEET** | **2** |
| **PAGKILALA** | **3** |
| **ABSTRAK** | **5** |
| **TALAAN NG NILALAMAN** | **12** |
| **KABANATA I** | |
| **KALIGIRAN NG PAG-AARAL** | |
| Panimula | 17 |
| Konseptwal na Balangkas | 19 |
| Paglalahad ng Suliranin | 21 |
| Saklaw at Limitasyon | 22 |
| Kahalagahan ng Pag-aaral | 23 |
| Kahulugan ng mga Termino | 25 |


AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University - Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

**KABANATA II**

**KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL**

Pag-unawa sa Konsepto ng Loob 29

Ang Kahirapan ng mga Pulubi 36

Ang mga Taong may Kapansanan 53

**KABANATA III**

**METODOLOHIYA**

Disenyo ng Pananaliksik 57

Mga Kalahok 62

Instrumento sa Pananaliksik 64

Pamamaraan ng Paglikom ng Datos 64

Pamamaraan ng Pagsuri ng Datos 68

**KABANATA IV**

**PRESENTASYON AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS**

Demograpikong Datos ng mga Kalahok 71

Naratibo bilang 1 72

Naratibo bilang 2 74

Naratibo bilang 3 76

Unang Repleksyon 80

Katotohanan sa Kabila ng Kakulangan 81

Pagyakap sa Masakit na Realidad 85

Eidetikong Pananaw 90

Eidetikong Simbolo 93

**KABANATA V**

**BUOD, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Buod ng Pag-aaral 96

Konklusyon ng Pag-aaral 98

Rekomendasyon ng Pag-aaral 98

**BIBLIOGRAPIYA** 100

**APENDIKS**

Apendiks 1 Etikal at Emosyonal na Kalooban 102

Apendiks 2 National Poverty Lines in Asia 103

Apendiks 3 Poverty Incidence of Families by Region 104

Apendiks 4 Poverty Incidence in Families 104

Apendiks 5 Poverty Incidence in Families: Urban-Rural 105

Apendiks 6 Poverty Incidence of Population by Region 105

Apendiks 7 Magnitude of Poor Families and Population 106

Apendiks 8 Situationer on Mendicancy Prevalance 106

Apendiks 9 Uri ng Kapansanan 107

Apendiks 10 Bilang ng Kapansanan ayon sa Edad 107

Apendiks 11 Bilang ng May Kapansanan sa Bawat Rehiyon 108

Apendiks 12 Bilang ng Kapansanan ayon sa Kasarian 109

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

Apendiks 13 Mga Gabay sa Pagkalap ng Datos

Apendiks A Datos ukol sa Kalahok 110

Apendiks B Gabay sa Pagmamasid 111

Apendiks C Gabay sa Pagtatanung-tanong 112

Apendiks D Gabay sa Pakikipagkwentuhan 113

Apendiks 14 Transkripsyon ng Pakikipagkwentuhan 114

Apendiks A Mang Vic (2010) 114

Apendiks B Mang Vic (2011) 117

Apendiks 15 Transkripsyon ng Pakikipagkwentuhan 123

Apendiks A Jane (2010) 123

Apendiks B Jane (2011) 125

Apendiks 16 Transkripsyon ng Pakikipagkwentuhan 129

Apendiks A Mang Nardo (2010) 129

Apendiks B Mang Nardo (2011) 131

Apendiks 17 Pagtatanong-tanung (Mang Vic) 134

Apendiks A Badong 134

Apendiks B Jesse 135

Apendiks C Raul 137

Apendiks 18 Pagtatanung-tanong (Jane) 138

Apendiks A Aling Josie 138

Apendiks B Grace 140

Apendiks C Kuya Justin 141

Apendiks 19 Pagtatanung-tanong (Nardo) 142

Apendiks A Rapael 142

Apendiks B Eva 143

Apendiks C Mang Noring 144

Apendiks 20 Pakikisangkot 145

Apendiks A Cherry 145

Apendiks B Michelle 146

Apendiks C Andrew 147

Apendiks 21 Datos sa Pagmamasid 148

Apendiks A Mang Vic 148

Apendiks B Jane 151

Apendiks C Mang Nardo 153

AEMILIANUS EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines